

Paghahambing sa Komunikatibong Gramatika ng Wikang Filipino at Tuwali: Kongkretong Ideya

(Comparative Analysis of the Communicative Grammar in Filipino and Tuwali: Concrete Ideas)

Lovely M. Dulatre, LPT

Communication Arts, University Instructor
Quirino State University- Cabarroguis Campus
Cabarroguis, Quirino, Philippines
lovely.dulatre@qsu.edu.ph

Marina Dacaca-Acerit, Ph.D.

Associate Professor V
Isabele State University- Echague Campus
Echague, Isabela, Philippines
aceritmarina@gmail.com

Abstract— This study aims to compare the communicative grammar of the Filipino and Tuwali-Ifugao languages in expressing concrete concepts, including parts of the body, family members, objects and animals, places, and traditions or customs. It also examines how gender is marked in nouns and how these are classified as countable or non-countable. The study employed a descriptive-comparative design, gathering data from participants aged 40 and above with extensive knowledge of the Tuwali language in Barangay Dingasan, Cabarroguis, Quirino. Data were collected through an existing spoken corpus, open-ended interviews, informal conversations, and observation, and underwent three stages of verification: by the participants themselves, an existing corpus, and expert Tuwali speakers. Findings revealed that both Filipino and Tuwali possess clear and systematic structures for expressing concrete concepts, but Tuwali demonstrates a higher degree of morphemic fusion, distinctive reduplication patterns, and the use of affixes, with some terms having no direct equivalent in Filipino. In terms of gender, Tuwali uses specific lexical items for male, female, and gender-neutral nouns, while in countability, it distinguishes between countable and non-countable nouns with subcategories such as solid, liquid, and collective. These results highlight the deep connection between language and culture among the Ifugao people and underscore the importance of systematically documenting indigenous languages. It is recommended that such findings be integrated into the curriculum to promote multilingual and culturally contextualized language teaching.

Keywords—Communicative grammar; Filipino language; Tuwali-Ifugao; Concrete ideas and Culture

I. INTRODUCTION

Isa sa mga pangunahing pagbabago sa pagtuturo at pag-aaral ng anumang wika ay ang higit na pagtutuo ng pansin ngayon sa pagtamo ng

kasanayan at kakayahan sa paggamit ng totoong wikang sinasalita, naririnig at naintindihan sa mga aktwal na sitwasyong pangkomunikatibo. Ang kakayahang makipag-usap nang epektibo sa anumang sitwasyon ay nagsasangkot ng mga kasanayan sa pakikinig at pagtugon nang naaangkop sa mga mensahe. Kasama rin dito ang kakayahang epektibong magsagawa ng mga tungkulin ng wika. Ito ay madalas na tinatawag bilang kasanayang komunikatibo. Ang kasanayang komunikatibo ay sumasaklaw hindi lamang sa paggamit ng wika para sa makabuluhang komunikasyon nang may sapat na kahusayan, pati na rin ang kaangkupan ng gramatika (Galana, 2017).

Ang wika ay higit pa sa kasangkapan ng komunikasyon; ito ay tagapagpahayag ng kultura, pagkakakilanlan, at panlipunang ugnayan ng isang lipunan. Sa isang bansang tulad ng Pilipinas na mayaman sa wika at kultura, mahalagang pagtuunan ng pansin ang mga katutubong wika na patuloy na ginagamit sa mga komunidad (Bonifacio et al., 2021), gaya ng wikang Tuwali ng mga Ifugao. Sa pag-aaral ng gramatika ng mga wika, tumitingkad ang pangangailangang suriin hindi lamang ang estruktura ng wika kundi kung paano ito aktwal na ginagamit sa pakikipagtalastasan (Apriyanto, 2020)—ito ang tinatawag na komunikatibong gramatika.

Ang wikang Filipino, bilang pambansang wika, ay kadalasang ginagamit bilang batayan ng pag-aaral sa gramatika. Gayunman, ang pagsusuri sa mga katutubong wika tulad ng Tuwali ay nagbibigay-daan upang maunawaan ang malalim na ugnayan ng wika sa kultura at panlipunang gawi ng mga etnolingguwistikong pangkat. Sa kontekstong ito, mahalagang tuklasin kung paano ipinapahayag ng dalawang wikang ito ang mga kongkretong konsepto—gaya ng mga bahagi ng katawan, miyembro ng pamilya, hayop, bagay, pook, at ritwal—sa pamamagitan ng kanilang gramatikal na anyo at gamit sa aktwal na komunikasyon.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong magsagawa ng komparatibong pagsusuri sa komunikatibong gramatika ng wikang Filipino at Tuwali, na nakatuon sa kayarian, pag-uuri batay sa kasarian at dami, at kontekstong kultural ng mga salitang ginagamit sa

pagpapahayag ng mga kongkretong ideya. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapag-aambag ang pananaliksik sa pagpapayaman ng kaalaman sa estruktura at gamit ng katutubong wika, at sa pagbibigay-halaga sa multilingguwal at intercultural na edukasyon sa bansa.

II. RESEARCH OBJECTIVE

Layunin ng pag-aaral na ito na ihambing ang komunikatibong gramatika ng wikang Filipino at Tuwali ng mga Ifugao sa pagpapahayag ng mga kongkretong konsepto, kabilang ang mga bahagi ng katawan, miyembro ng pamilya, bagay at hayop, pook, at tradisyon o kaugalian. Nilalayon din nitong ilahad kung paano ipinapahayag ang kasarian ng mga pangngalan at kung paano ito inuuri bilang mabibilang o di-mabibilang upang maipakita ang ugnayan ng wika at kultura.

III. RESEARCH METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptiv-komparatibong bilang disenyo upang masuri at maihambing ang komunikatibong gramatika ng wikang Filipino at Tuwali, partikular sa aspeto ng mga kongkretong ideya batay sa modelong gramatikal ni Resuma (2002). Isinagawa ito sa Barangay Dingasan, Cabarroguis, Quirino, kung saan naninirahan ang mga katutubong Ifugao na tagapagsalita ng wikang Tuwali. Pinili ang mga kalahok na may edad 40 pataas at kinikilalang may malalim na kaalaman sa kanilang wika at kultura. Gumamit ang mananaliksik ng umiiral na pasalitang corpus, open-ended interview, pakikipagkwentuhan, at obserbasyon sa loob ng tatlong buwan. Dumaan ang datos sa masusing proseso ng transkripsyon, pagsasalin, at tatlong yugto ng balidasyon — mula sa mismong kalahok, naunang corpus (Tuwali Dictionary), at ekspertong tagapagsalita ng Tuwali. Sinuri ang mga datos sa pamamagitan ng cross-linguistic comparison, morphological at syntactic analysis upang matukoy ang mga kaayusan ng komunikatibong gramatika sa dalawang wika.

IV. THE FORMULATION AND THE DISCUSSION

Sa bahaging ito inilahad, sinuri at binigyan ng maingat na pagpapakahulugan ang mga datos na nakalap para sa pag-aaral.

Ang Pagkakatulad At Pagkakaiba Sa Pagpapahayag Ng Mga Kongkretong Bagay Sa Filipino At Tuwali

A. Kayarian ng mga salitang Tuwali-Ifugao na nagpapahayag sa kongkretong Bagay

Katulad ng komunikatibong gramatika ng wikang Filipino, ang wikang Tuwali ay may natatanging paraan ng pagpapahayag ng mga kongkretong bagay sa kanilang paligid. Ang mga kongkretong salita sa Tuwali ay tumutukoy sa mga nasasalat na bagay—mga maaaring bilangin, hawakan, pangalanan, at makita. Ang kayarian ng

mga salitang ito ay hindi lamang nagpapakita ng estrukturang pangwika kundi pati na rin ng kultura at pananaw ng mga Ifugao-Tuwali sa kanilang mundo. Ang kanilang paraan ng pagbubuo at paggamit ng mga salita ay may malalim na kahulugan at konteksto sa kanilang lipunan, na nagpapahiwatig ng kanilang ugnayan sa kalikasan, pamilya, at pamayanan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa kayarian ng kanilang mga salita at paghahambing nito sa wikang Filipino, maaaring maunawaan kung paano nililikha at ginagamit ang wika upang ipahayag ang mga konseptong nakaugat sa kanilang tradisyon at kultura. Sa bahaging ito, inilahad ang ilan sa mga nakalap na mga salitang nagsasaad ng mga kongkretong ideya at susuriin ang mga ito batay sa kayarian, kasarian at nabibilang o di nabibilang upang maipahayag ang mga ito. Mababangit dito na sa pagkalap at pagtitipon ng mga datos sa mga kongkretong pagpapahayag sa Tuwali, naging pokus sa pagkalap ang mga salitang nagpapahayag sa sarili, pamilya, mga karaniwang mga bagay sa kanilang kapaligiran, komunidad at mga tradisyon at kaugalian sapagkat ang mga ito ang karaniwan nang bahagi ng pang-araw-araw na komunikasyon. Samakatuwid, ang pagsusuri sa mga ito ay pundasyon upang masuri at makita ang komunikatibong gramatika ng mga Tuwali sa aspetong ito ng pagpapahayag sa mga kongkretong bagay sa kanilang kapaligiran.

Talahanayan 1. Mga Pangunahing bahagi ng katawan ng tao

Bahagi ng		Salin sa Filipino
katawan ng tao	Kayarian	
ulu-/u.lu/	Payak	Ulo
Huki-/hu.ki/	Payak	Paa/Mga Paa
Buuk-/buuk/		Buhok
	Payak	
Mata-/matah/	Payak	Mata
Olong-/olon/		Ilong
	Payak	
Tok'o-/tok'oh/.	Payak	Bunganga
Inga-/i.ŋah/	Payak	Tainga
Bagang-/bagan/	Payak	Leeg
Pukol-/pukol/	Payak	Balik
Hiku-/hi.kuh/	Payak	Siko
Takle-/tak.leh/	Payak	Kamay
Puhu-/pu.huh/	Payak	Puso
Anga-/A.ŋah/	Payak	Mukha
Putu-/pu.tuh/	Payak	Tiyan
Lulug-/lu.lug/	Payak	Tuhod
Dapan-/dapan/	Payak	Talampakan

Katulad ng wikang Filipino, ang wikang Tuwali Ifugao ay may tiyak na termino paraan ng pagpapahayag at pagtukoy sa mga bahagi ng katawan ng tao. Sa parehong wika, may malinaw at tiyak na mga termino para sa bawat bahagi ng katawan, tulad ng *ulu* sa Tuwali na katumbas ng *ulo* sa Filipino, *mata* sa parehong wika, at *takle* sa Tuwali na nangangahulugang kamay sa Filipino. Ang pagkakatulad na ito ay nagpapakita ng parehas na sistematikong paraan ng pagpapangalan sa mga pisikal na bahagi ng katawan.

Kung mapapansin, ang mga katawagan sa wikang Tuwali ay binubuo ng payak na kayarian, tulad ng *ulu*, *huki*, *hiku*, *olong*, *mata*, *ingah*, *tok'o*, *bagang*, *putu*, at marami pang iba. Katulad ito ng mga panawag sa Filipino para sa mga bahagi ng katawan, na nagpapakita na kahit hindi nilalapian, may buo nang kahulugan ang mga salitang ito at malinaw na tumutukoy sa bawat bahagi ng katawan ng tao. Bukod dito, may mga salitang magkapareho o halos magkatulad sa bigkas, tulad ng *mata* sa parehong wika, *ulu-ulo*, *olong-ilong*, *hiku-siko*, at *puhu-puso*. Bagama't may ilang pagkakaiba sa ginamit na ponema, kapansin-pansin ang pagkakapareho sa kayarian ng mga salita sa dalawang wika. Parehong binubuo ng salitang ugat o payak na salita ang mga panawag sa mga bahagi ng katawan sa Tuwali at Filipino, na nangangahulugang may pagkakatulad ang paraan ng pagpapangalan sa mga pisikal na bahagi ng katawan sa dalawang wikang ito. Gayunpaman, mayroon ding mga bahagi ng katawan na may magkaibang tawag sa Filipino at Tuwali, na nagpapakita ng natatanging katangian ng bawat wika habang nananatiling may pagkakahawig sa estruktura at kahulugan ng mga salita.

Bilang karagdagan may maliwanag na pagkakaiba sa kayarian ng mga salita sa dalawang wika kapag naipahayag ang mga ito na may kasamang konsepto ng pagmamay-ari. Ang pagpapahayag sa konteksto ng pagmamay-ari, sa Filipino, ang panghalip paari ay karaniwang ginagamit nang hiwalay, tulad ng *ulo ko* o *paa mo*. Samantala, sa Tuwali, nagaganap ang tinatawag na morpemikong pagsasanib. Ito ay isang proseso sa lingguwistika kung saan ang dalawang morpema ay nagsasama at nagkakaroon ng pagbabago sa kanilang anyo. Sa konteksto ng mga datos na nakalap, makikita ang morpemikong pagsasanib sa pagsasama ng mga pangngalan na tumutukoy sa bahagi ng katawan at ng panghalip paari. Halimbawa, ang *ulu* (ulo) kapag isinama sa *ku* (aking) ay nagiging *uluk* (ulo ko). Ganito rin ang nangyayari sa *hu.ki* (paa) at *ku* (aking), na nagiging *hukik* (paa ko). Sa prosesong ito, hindi lamang simpleng idinadagdag ang panghalip paari, kundi nagkakaroon ng pagkakaltas ng ponemang patinig na /o/ sa panghalip paari. Ang ganitong proseso sa Tuwali ay nagtatampok ng asimilasyon ng tunog, kung saan umaangkop ang pangngalan sa panghalip upang mapanatili ang likas na ritmo ng wika. Mahalagang tandaan na ang morpemikong

pagsasanib ay nagaganap lamang kapag ipinapahayag ang pagmamay-ari ng isang tao sa isang bahagi ng katawan. Hindi ito nangyayari kapag tumutukoy sa pagmamay-ari ng higit sa isa o maramihan. Halimbawa, kapag ginagamit ang panghalip na nagmamarka ng isahang pagmamay-ari, tulad ng *uluk* (ulo ko) mula sa *ulu* (ulo) at *ku* (aking), nagkakaroon ng pagsasanib ng morpema. Gayunpaman, kapag tinutukoy ang pagmamay-ari ng marami, tulad ng *ulu yu* (ang inyong ulo) at *takle mi* (mga kamay namin), nananatiling magkahiwalay ang pangngalan at panghalip, kaya hindi nagaganap ang pagsasanib. Kapansin-pansin din na ang morpemikong pagsasanib na ito ay nagaganap lamang kapag ang bahagi ng katawan na ipinahahayag ay nagtatapos sa tunog patinig (tulad sa mga salitang *uluk* (ulo ko), *hikuk* (siko ko), *ingam* (Tainga mo), *puhum* (puso mo), *taklem* (kamay mo)).

Ang morpemikong pagsasanib na ito sa pagpapahayag ng mga bahagi ng katawan sa konteksto ng pagmamay-ari ay nagaganap upang bumuo ng isang bagong anyo na mas madaling bigkasin at mas angkop sa estruktura ng wika. Mahalagang mabanggit dito na hindi ito nagaganap sa mga bahagi ng katawan na ipinahahayag sa mga termino o salitang nagtatapos sa mga ponemang katinig tulad ng *buuk* (buhok), *bagang* (leeg), *pukul* (balikat). Sa mga pagkakataong ito, nananatiling magkahiwalay ang mga katawagan at ang panlaping paari tulad sa mga pahayag na: *bagang ku/mu* (leeg ko/mo) at *pukul mu/ku* (balikat mo/ko).

Sa kabilang banda, ang Filipino ay laging gumagamit ng malayang pagsasama ng mga morpema, kung saan ang mga katawagan sa bahagi ng katawan at panghalip paari ay nananatili bilang magkaibang yunit sa pangungusap. Mula sa mga datos na ito, ang Tuwali ay may mas mataas na antas ng morpemikong pagsasanib. Ang ganitong pagsasanib ng morpema ay nagpapakita ng dinamikong katangian ng wikang Tuwali, kung saan nagkakaroon ng asimilasyon ng tunog upang mapadali ang pagbigkas at maitaguyod ang likas na daloy ng wika. Ang morpemikong pagsasanib ay isang mahalagang katangian ng mga wikang may mataas na antas ng morpemikong integrasyon, kung saan ang mga salita ay nagbabago batay sa kanilang gramatikal na gamit at kahulugan.

Sa pangkalahatan, bagama't may mga pagkakaiba sa palabuan ng mga terminong tumutukoy sa mga bahagi ng katawan, makikita ang parehong layunin ng dalawang wika sa pagpapahayag ng mga ito. Sa nalikom na datos, ang nagaganap sa wikang Tuwali ang proseso ng morpolohikal na pagsasanib (morphological fusion) at ponetikong asimilasyon habang ang Filipino ay gumagamit ng hiwalay na panghalip upang ipakita ang pagmamay-ari. Gayunpaman, ang dalawang wika ay kapwa nagtataglay ng malinaw at sistematikong paraan ng paglalarawan ng mga bahagi ng katawan na tumutugon sa kasapatan ng mga wikang itong matukoy at maipahayag ang mga bahagi ng katawan

batay sa pangangailangan ng komunikasyon ng mga Tuwali.

Talananayan 2. Pagpapangalan sa mga miyembro ng Pamilya sa wikang Tuwali

Pamilya at Miyembro ng pamilya at kamag-anak	Kayarian	Salin sa Filipino
Ama- /a.mah/	Payak	Ama, Tatay
Ina- /i.nah/	Payak	Nanay, Ina
Hin.ama- /hin.amah/	Unlaping hin- +salitang ugat na ama=may lapi	Mag-ama o magtatay
Mun.ama- /mun.amah/		
Hin.ina- /hin.inah/	Unlaping hin+salitang ugat na Ina=May lapi	Mag-ina o magnanay
Mun.ina- /mun.inah/		
Ammod /am.mod/ o Aammod- /aam.mod/	Inuulit	Mga ninuno, Mga matatanda, Mga magulang
Ahawa- /aha.wah/	Payak	Asawa
Iba- /ibah/	Payak	Pinsan, kapatid, malapit na kamag-anak
Imbabale- /im.babaleh/	Payak	Anak
Hin.ahawa- /hin.aha.wa/	Unlaping hin+salitang ugat na ahawa=May lapi	Mag-asawa
Mun.ahawa- /mun.aha.wah/	Unlaping mun+salitang ugat na ahawa=Maylapi	
Tagu- /ta.guh/	Payak	Tao
Unga- /unah/	Payak	Bata
Tatagu- /tata.guh/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na ta+salitang-ugat na tagu=Inuulit	Mga Tao
Uunga- /uunah/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na u+salitang-ugat na unga=Inuulit	Mga Bata
Apu- /apuh/	Payak	Lola/Lolo
Imbabaleyon- /im.babaleyon/	Salitang-ugat na Imbabale+hulaping -on=Maylapi	Pamangkin
Tulang- /tu.lan/	Payak	Kapatid
Hintulang- /hin.tu.lan/	Panlaping hin+salitang ugat na tulang=maylapi	Magkaptid

Tulad ng Filipino, may paraang sinusunod sa pagbubuo ng salita sa pagtukoy sa mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlapi tulad ng *hin-*, *mun-*, at *-on*, pati na rin ang pag-uulit ng pantig upang ipakita ang maramihan. Ang sistemang ito ay maihalintulad sa wikang Filipino, kung saan ginagamit ang panlaping mag- sa pagpapakita ng relasyon sa pamilya at ang panandang mga sa pagpapakita ng maramihan. Gayunpaman, may mga natatanging aspeto ang Tuwali, tulad ng paggamit ng hulaping *-on* sa pagtukoy sa pamangkin, na wala sa Filipino. Karamihan sa mga salitang ginagamit sa pagtukoy sa pamilya sa Tuwali ay payak, tulad ng *ama* (*Tatay*), *ina* (*Nanay*), *apu* (*Lolo/Lola*), *imbabale* (*Anak*), *unga* (*Bata*), *tulang* (*Kapatid*), at *ahawa* (*Asawa*). Bukod sa mga payak na salita, may mga terminong Tuwali na binubuo gamit ang pag-uulit ng unang pantig ng salitang-ugat upang ipakita ang maramihan, tulad ng *tatagu* (*Mga tao*) at *uunga* (*Mga bata*). Mayroon ding mga salitang gumagamit ng unlaping hin- o mun- upang ipakita ang relasyon sa pagitan ng dalawang tao, tulad ng *hin+ama=hin-ama/mun+ama=mun-ama* (*Mag-ama*), *hin+ina=hin-ina/mun+ina=mun-ina* (*Mag-ina*), *hin+ahawa=hin-ahawa/mun+ahawa=mun-ahawa* (*Mag-asawa*), at *hin+tulang=hintulang/ mun+tulang= muntulang* (*Magkapatid*). Sa ilang kaso, ginagamit din ang hulapi upang ipakita ang relasyon, tulad ng *imbabale+on=imbabaleyon* (*Pamangkin*), kung saan idinagdag ang *-on* sa *imbabale* (*Anak*), *ammod+on=ammodon* (*Tiyuhin/Tiyahin*) kung saan idinagdag din ang *-on* sa *ammod* (*magulang*) upang ipakita ang relasyon ng mga ito. Kapag inihambing sa Filipino, makikita ang ilang pagkakatulad at pagkakaiba sa kayarian ng mga salita. Tulad ng sa Tuwali, may mga payak ding termino sa Filipino para sa pamilya, gaya ng *Ama*, *Ina*, *Lolo*, *Lola*, *Anak*, *Bata*, *Kapatid*, at *Asawa*. Gayunpaman, sa halip na pag-uulit ng pantig upang ipakita ang maramihan, ginagamit sa Filipino ang panandang mga, tulad ng mga bata at mga tao.

Sa pagpapakita ng relasyon sa pagitan ng miyembro ng pamilya, ginagamit sa Filipino ang panlaping mag-, tulad ng mag-ama, mag-ina, mag-asawa, at magkapatid, na kahawig ng paggamit ng hin- sa Tuwali, tulad ng mga salitang hin-ama (*Mag-ama*), hin-ina (*Mag-ina*), at hin-ahawa (*Mag-asawa*). Ang unlaping mun- ay katumbas ng unlaping hin-, tulad ng sa mun-ina (*Mag-ina*), mun-ahawa (*Mag-asawa*), at mun-ama (*Mag-ama*). Samantala, sa pagtukoy sa pamangkin at tiyuhin/tiyahin, hindi tulad ng Tuwali na gumagamit ng hulaping *-on* sa *imbabale* at *ammod* upang maging *imbabaleyon* at *maging ammodon*, ang Filipino ay may payak na salitang pamangkin.

Bukod dito, nagpapakita rin ang wikang Tuwali ng mga pagbabago sa morponemika sa pagbubuo ng mga salita. Halimbawa, sa salitang imbabale (*Anak*), nagkakaroon ng pagbabago kapag dinaragdagan ng hulaping *-on*, kaya nagiging *imbabaleyon*. Ang pagdaragdagan ng ponemang /y/ ay nagaganap kapag ang salitang-ugat ay nagtatapos sa /i/ o /e/, tulad ng

sa *imbabale+on* → *imbabaleyon* at *ka+babai+an* → *kababaiyan*. Bukod dito, ginagamit ang panlaping *ka-* at *-an* upang ipakita ang kabuuan, gaya ng sa *kababaiyan* at ang panlaping *-on* upang ipakita ang relasyon, batay sa pag-aaral nina E. Hohulin at R. Hohulin (2014).

Sa kabuuan, ang mga wikang Tuwali at Filipino ay may sari-sariling sistema ng pagbubuo ng salitang pantukoy sa mga kasapi ng pamilya. Ipinapakita ng Tuwali ang yaman ng katutubong wika sa pamamagitan ng paggamit ng unlapi, hulapi, at pag-uulit ng pantig upang ipahayag ang ugnayan at bilang, samantalang mas madalas gamitin sa Filipino ang panandang mga at panlaping mag-. Ang wikang Tuwali ay may natatanging sistema ng morpolohiya na nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlapi. Bukod sa mga payak na salitang pantukoy sa pamilya, ginagamit din sa Tuwali ang mga panlaping hin-, mun-, at -on upang ipakita ang kaugnayan ng mga tao sa isa't isa.

Talahanayan 3. Pagpapangalan at pagpapahayag sa mga bagay at hayop sa Wikang Tuwali

Bagay at Hayop	Kayarian	Salin sa Filipino
Ukkon- /uk.kon/	Payak	Tuta
Ahu-/a.huh/	Payak	Aso
Uppa- /up.pah/	Payak	Inahing Manok
Polta- /pol.tan/	Payak	Tandang
Kinlum- /kin.lum/	Payak	Biik
Manuk- /manuk/	Payak	Manok
Inpah- /ln.pah/	Payak	Sisiw
Lahlahtu- /lah.lah.tuh/	Payak	Larawan
Balituk- /balituk/	Payak	Ginto
Hugud- /hu.gud/	Payak	Suklay
Akbut- /ak.but/	Payak	Bayong
Abok-/a.bok/	Payak	Banig
Tawang- /ta.wan/	Payak	Bintana
Ihda-/ih.dah/	Payak	Ulam
Pagey- /pa.gey/	Payak	Palay
Bogah-	Payak	Bogah
Uubunan- /u.u.bunan/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na <i>ubo</i> (upo)+hulaping -an =ubunan (upuan)	Mga Upuan
Lulugit- I /lu.lu.git/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na <i>lulugit</i> , <i>lu+salitang-ugat</i> na <i>lugit</i> =Inuulit	Mga Kalat

Tulad ng sa wikang Filipino, ang kayarian ng mga salitang ginagamit sa pagpapangalan ng mga hayop at bagay na bahagi ng kanilang pang-araw-araw na wika maaaring uriin bilang payak o inuulit. Maraming salita ang may payak na kayarian, tulad ng *ukkon* (tuta), *ahu* (aso), *poltan* (tandang), *kinlum* (biik),

Kakaiw- /ka.ka.iw/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na <i>kaiw</i> , <i>ka+salitang-ugat</i> na <i>kaiw</i> =Inuulit	Mga Puno
Ab-abbung- /ab.ab.bung/	Unang pantig mula sa salitang-ugat na <i>abung</i> , <i>ab+salitang-ugat</i> na <i>abung</i> =Inuulit	Maliliit na kubo

balituk (ginto), at *ihda* (ulam). Katulad ng wikang Filipino, ang payak na salita sa wikang Tuwali ay nagtataglay ng ganap na kahulugan kahit walang panlapi. Mayroon ding tiyak na katawagan ang mga hayop sa wikang Tuwali depende sa kanilang edad o uri, tulad ng *inpah* para sa sisiw, *poltan* para sa tandang, at *ukkon* para sa tuta. Nagpapakita ito ng maunlad na leksikon ng wikang Tuwali tulad ng wikang Filipino, isang katangian ng wika kung saan may maraming tiyak at espesipikong salita upang ipahayag ang mga konsepto na mahalaga sa kultura o pamumuhay ng nagsasalita nito (Bai, 2021). Ang pagkakaroon ng natatanging leksikon para sa iba't ibang yugto ng pag-unlad ng hayop ng wikang Tuwali ay hindi lamang palatandaan ng malawak na bokabularyo kundi nagpapahiwatig din ng

semantikong katumpakan at kultural na kabuluhan ng mga hayop sa komunidad ng mga Ifugao.

Samantala, sa pagpapangalan ng mga bagay na karaniwang nakikita sa paligid batay sa mga nakalap na mga salita, nakita ang pagkakaiba sa paggamit ng pag-uulit sa wikang Tuwali sa pag-uulit ng salita sa Filipino. Nagaganap ang di-ganap na pag-uulit konkretong pangngalan ng wikang Tuwali kung saan inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat. Halimbawa nito ay *ab-abbung* (mga kubo), *kakaiw* (mga panggatong), *lulugit* (mga kalat), at *uubunan* (mga upuan). Ang ganitong anyo ng reduplikasyon ay nagpapakita ng bilang o dami ng isang pangngalan tulad ng mga sumusunod:

- *Abung* = kubo (isahan); *ab+abbung*=*ab-abbung* = mga kubo (maramihan)
- *Kaiw* = panggatong (isahan); *ka+kaiw*=*kakaiw* = mga panggatong (maramihan)
- *Ubunan* = upuan (isahan); *u+ubunan*=*uubunan* = mga upuan (maramihan)

Ayon sa pag-aaral na *The Cross-Referencing System of Tuwali Ifugao: Form and Function*, ang reduplikasyon sa wikang Tuwali ay karaniwang ginagamit sa mga pangngalan, pandiwa, at pang-uri. Sa konkretong pangngalan, ang reduplikasyon ay *inflectional*, nangangahulugang ginagamit ito upang ipakita ang bilang at maramihan sa halip na baguhin ang kahulugan ng salita. Sa kasong ito, inuulit ang unang pantig ng salitang-ugat nang hindi ginagamitan ng panlapi, isang natatanging katangian ng wikang Tuwali (Hohulin & Burquest, 2011). Ang ganitong sistema sa wikang Tuwali ay nagpapakita ng isang sarili nitong paraan ng pagpapahayag ng dami o bilang, isang katangian ng makikita rin sa ibang katutubong wika sa Pilipinas.

Talahanayan 4. Pagpapangalan at pagpapahayag sa mga pook o lunan sa wikang Tuwali

Lugar	Kayarian	Salin sa Filipino
Bale-/baleh/	Payak	Bahay
Wangwang-/wang.wang/	Payak	Ilog
Tindaan-/tin.da.an/	Payak	Tindahan
Muyung-/mu.yun/	Payak	Kagubatan
Kabunyan-/ka.bun.yan/	Payak	Kalangitan
Hol-okan-/hol-o.kan/	Salitang-ugat na hol-ok+hulaping an=maylapi	Damuhan
Hagoban-/ha.go.ban/	Salitang-ugat na Hagob+hulaping an=maylapi	Pinag-iigiban
Hablayan-/hab.la.yan/	Salitang-ugat na hablay+hulaping an=Maylapi	Sampayan

May mga konseptong ginagamit rin ang wikang tuwali sa pagpapahayag ng kanilang mga pook o lunan o lugar na katulad rin sa wikang Filipino. Ang mga pook ang nagsisilbing ganapan ng mga komunikasyon at isa sa nagpapakita ng kanilang tradisyon at kultura. Ang mga pook na madalas at karaniwang puntahan na bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na paglalakbay kaya't minabuti ng mananaliksik na suriin din ang kayarian ng mga konseptong panawag ng Tuwali Ifugao sa kanilang mga karaniwang mga pook sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Kagaya ng wikang Filipino, ang wikang Tuwali ay nagtataglay ng mga payak na konsepto sa pagpapahayag ng mga lugar. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga salitang *bale* (bahay), *wangwang*

(ilog) *tindaan* (tindahan), *muyung* (kagubatan), at *kabunyan* (kalangitan). Katulad ng wikang Filipino, ang wikang Tuwali ay may tiyak na katawagan para sa mga lugar kung saan nagaganap ang komunikasyon sa araw-araw.

Batay sa mga naitalang mga bahagi ng panayam na nasa itaas, makikita na gumagamit din ang wikang Tuwali ng panlaping makangalan upang gawing pangalan ng lugar ang isang salita. Isa sa pangunahing panlaping ito ay ang hulaping *-an*. Makikita ito sa sumusunod na mga halimbawa:

- Hol-ok (salitang-ugat) – nangangahulugang 'damo'

Hol-ok + an = *Hol-okan* (maylapi) – nangangahulugang 'damuhan' (pook na may damo)

- Hablay (salitang-ugat) – nangangahulugang 'sampay'

Hablay + an = *Hablayan* (maylapi) – nangangahulugang 'sampayan' (bagay na nakabilad sa araw pinagsasabitan ng mga damit upang matuyo)

- Hagob (salitang-ugat) – nangangahulugang 'igib' (isang pandiwa)

Hagob + an = *Hagoban* (maylapi) – nangangahulugang 'pinag-iigiban' (pook na pinagsasalukan ng tubig)

Makikita rito na sa pamamagitan ng pagdaragdag ng hulaping *-an*, nagkakaroon ng pagbabago sa kahulugan ng mga salita upang ipakita na ang isang bagay o kilos ay may kaugnayan sa isang tiyak na lugar. Ang paggamit ng panlapi upang lumikha ng pangalan ng lugar ay tinatawag na *kaanyuang deribatibo* isang mahalagang aspekto ng wikang Tuwali, na may pagkakatulad sa proseso ng pagbuo ng mga pangngalan sa wikang Filipino. Binabago nito ang salita upang makabuo ng bagong salita o bagong kahulugan, maari ring magbago rin ang uri ng salita.

Sa isang pag-aaral, ang wikang Tuwali ay may apat na pangunahing uri ng panlapi: unlapi, gitlapi, hulapi, at laguhan. Gayunpaman, limitado ang mga panlaping makangalan na ginagamit sa wikang ito, dahil mas karaniwan ang paggamit ng panlapi para sa iba pang bahagi ng pananalita tulad ng pang-uri at pandiwa (Hohulin & Burquest, 2011).

Sa kabuuan, makikita na may pagkakatulad ang wikang Tuwali at Filipino sa paggamit ng mga payak na pangalan ng lugar at sa paggamit ng panlapi upang makabuo ng mga pangngalang pantukoy sa pook o lunan. Gayunpaman, may natatanging katangian ang wikang Tuwali sa paggamit ng hulaping *-an* upang ipakita ang relasyon ng isang bagay o kilos sa isang tiyak na pook o lunan o lugar.

Talahanayan 5. Kayarian ng mga salitang nagpapahayag ng mga kaugalian ng mga tuwali

Kaugalian	Kayarian	Salin sa Filipino
Honga-/honjah/	Payak	Ritwal na ginagawa kung saan ibinibigay ng matandang lalaki o babae ang kanyang mga pagpapala sa kanyang mga anak bago siya mamatay.
Baki-/ba.kih/	Payak	Ritwal sa Panggagamot (Pagsasakripisyo)
Bagol-/bagol/	Payak	Paghahandog sa mga bata
Bogwa-/bog.wah/	Payak	Paghuukay at paglilinis sa mga buto ng namayapa (Amtalao et al., 2019)
Katlu-/kat.luh/	Ka+tulu (salitang-ugat) =Katulu (Pagkakaltas ng ikalawang ponemang <i>u</i>) =Katlu	Ikatlong Araw para sa Namayapa

Isa rin sa naging pokus ng pag-aaral na ito ay mga konsepto ng konkretong ideya na tumutukoy sa kultura, tradisyon at kaugalian ng Tuwali-Ifugo. Ito ay pagsipat sa pagpapalawak pa lalo ng wika at kultura nga entnolinggwistikong-pangkat. Ang mga nakalap na datos ay nakatuon sa mga konkretong ideya at kaisipang nakatuon parin sa kayarian ngunit nakapokus lamang sa kanilang paniniwala, tradisyon at kultura na kaakibat sa kanilang pamumuhay at laman ng kanilang pagbigkas at pakikipagtalastasan.

Ang wikang Tuwali ay nagtataglay ng mga natatanging katawagan para sa kanilang mga ritwal at tradisyon, na sumasalamin sa kanilang kultura at paniniwala bilang isang etnolinggwistikong pangkat (Amtalao et al., 2019). Ang mga terminong ito ay hindi

lamang mga lingguwistikong yunit kundi mga ekspresyon ng kolektibong karanasan at espiritwalidad ng mga Ifugao. Ang mga salitang ginagamit sa mga ritwal na ito ay kadalasang payak o nasa anyo ng mga salitang-ugat, na nagpapahiwatig ng direktang koneksyon ng wika sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay at paniniwala.

Kabilang sa mga mahahalagang terminong ito ang *Honga*. Batay sa pananaliksik nina Amtalao (2019), ang salitang ito ay maaaring may malawak na kahulugang katumbas ng salitang *ritwal* sa Filipino. Sa pakikipanayam sa isang impormante ng pag-aaral na ito, ang salitang ito ay sang ritwal kung saan ang isang matandang lalaki o babae ay nagbibigay ng kanyang mga pagpapala sa kanyang mga anak bago pumanaw. Ang *Baki*, isang ritwal ng panggagamot na may kasamang pagsasakripisyo o pag-aalay; *Bagol*, isang seremonya ng paghahandog sa mga bata na maaaring ihalintulad sa konsepto ng *child dedication* sa Ingles; at *Bogwa*, isang ritwal na kinapapalooban ng paghuukay sa mga buto at paghuugas sa mga ito upang malinis (Amtalao et al., 2019) ng namayapang mahal sa buhay bilang paggunita at pagdiriwang, na kadalasang tumatagal ng halos isang linggo na may kasamang paghahanda ng maraming pagkain. Samantala nasumpungan din ang isang *Katlu* bilang isang salitang *maylapi*, binubuo ito ng unlaping *ka-* na ikinakabit bilang ordinal na pamulang; salitang-ugat na *tulu* upang maging katulu (*ka+tulu=Katulu*), subalit sa tuntunin ng wika, kinaltas ang ikalawang ponema sa salitang-ugat nito upang makabuo ng salitang katlu isang seremonya ng panalangin at ritwal na isinasagawa sa ikatlong araw ng burol ng isang namayapa. Ang pagkakaltas ay bahagi ng tinatawag na artikulatoryong ekonomiya, kung saan pinaikli ang salita upang maging mas magaan sa dila ang pagbigkas. Sa ilang mga katutubong wika gaya ng Tuwali Ifugao, ito ay sistematikong makikita sa pagbubuo ng mga ordinal tulad ng “katlu,” kung saan ang ponemang /u/ sa gitna ng salitang *katulu* (*ka- + tulu*) ay kinakaltas upang umayon sa ponolohikal na estruktura ng wika (Hohulin, 2014). Sa ganitong paraan, ang pagkakaltas ay hindi lamang bunga ng pagbabago sa tunog kundi isang mahalagang aspekto ng gramatikal na sistema ng maraming wikang Pilipino.

Makikitang karamihan sa mga katawagan ito ay walang eksaktong katumbas sa wikang Filipino. Sa kulturang Filipino, ang mga ritwal ay karaniwang mas nakikita bilang bahagi ng pampublikong pagdiriwang kaysa bilang aktwal na espiritwal na kaugalian. Ayon kay Salanga (2007), ang mga ritwal sa wikang Filipino ay higit na nauugnay sa daluyan ng talastasan o pagpapahayag, samantalang sa wikang Tuwali, ang mga ito ay aktibong bahagi ng pamumuhay at pananampalataya ng komunidad. Pinapangunayan nitong ang kahulugan ng isang ritwal ay hindi lamang matatagpuan sa literal na pagsasalin ng salita, kundi sa kontekstong kultural na nakapaloob dito.

Ang *Hudhud*, ang epikong-bayan ng mga Ifugao, ay isa ring malinaw na patunay ng kanilang mayamang tradisyonal na pamumuhay. Ang *Hudhud*

ni Bogwa, na nagsasalaysay ng ritwal ng paghuhukay at pag-alala sa mga yumaong mahal sa buhay, ay nagpapakita ng mataas na pagpapahalaga ng mga Ifugao sa kanilang mga ninuno. Sa ganitong paraan, hindi lamang ipinapasa ang epiko bilang panitikan kundi bilang sagradong salaysay na bumabalot at nagpapatibay sa kanilang mga ritwal at paniniwala (Grunthal, et al., 2021).

Makikitang ang paggamit ng mga terminong ito ay hindi lamang limitado sa seremonyal na aspeto kundi nakaangkla sa organisasyon ng pamayanan kung sino ang may karapatang magsagawa ng isang ritwal (halimbawa, ang mga matatanda sa Honga) at paano naipapasa ang mga kaalaman sa susunod na henerasyon.

Ang mga natatanging mga terminong pangritwal at seremonya ng mga Tuwali na walang katumbas sa Filipino ay nagpapakita ng kahalagahan ng wika bilang tagapagdala ng kultura. Sa pamamagitan ng sariling katawagan, mas naipapahayag ng mga Ifugao ang kanilang natatanging pananaw sa mundo, na maaaring hindi ganap na matumbasan sa ibang wika nang hindi nawawala ang orihinal nitong diwa.

B. Pagkakaiba sa pagpapahayag ng Kasarian ng mga Pangngalan sa Wikang Filipino at Tuwali

Ang pagsusuri sa kasarian ng mga salita ay magbibigay ng impormasyon sa kung paano kinikilala ng mga Ifugao ang pagkakaiba-iba ng mga bagay ayon sa kanilang kasarian. Ito ay mahalaga sa pag-unawa sa kanilang paniniwala at sistema ng pag-uugali. Sa pagpapahayag ng mga Tuwali ng mga kapamilya, makikita ang kasarian ng mga ito kung lalake o babae.

Talahanayan 6. Pagpapangalan at pagpapahayag sa mga miyembro ng pamilya batay sa kasarian ng wikang Tuwali

Pamilya at Miyembro ng Pamilya	Kasarian	Salin sa Filipino
Ama-/a.mah/	Panlalaki	Tatay/Ama
Manung-/ma.nun/	Panlalaki	Kuya
Ina-/i.nah/	Pambabae	Nanay/Ina
Panginain-/pangi.nain/	Pambabae	Lola/Ninunong Babae
Panglakayin-/pang.lakayin/	Panlalaki	Lolo/Ninunong Lalaki
Aammod-/a.am.mod/	Di-Tiyak	Mga ninuno, Mga matatanda, Mga magulang

Imbabale-/im.babaleh/	Di-tiyak	Anak
Ahawa-/aha.wah/	Di-Tiyak	Asawa
Imbabaleyon-/im.babaleyon/	Di-Tiyak	Pamangkin
Anti-/an.tih/	Pambabae	Tita/Tiyahin
Lakay-/lakay/	Panlalaki	Matandang lalaki
Baket-/baket/	Pambabae	Matandang babae
Bokya-/bok.ya/	Pambabae	Matandang Dalaga
Balasang-/bala.sang/	Pambabae	Dalaga
inap-apu-/inap.apuh/	Di-Tiyak	Apo

Katulad ng sa wikang Filipino, makikita sa wikang Tuwali Ifugao ang konsepto ng pagpapahayag ng kasarian (gender marking) sa pagbibigay ng pangalan sa mga miyembro ng pamilya. Ang mga leksikal na anyo ng mga salita ay nagtatakda ng kasarian at papel ng bawat miyembro sa kanilang lipunan. Halimbawa, sa panlalaking kasarian, may tiyak na mga termino ang mga Tuwali Ifugao upang tukuyin ang mga lalaking miyembro ng pamilya. Kabilang dito ang mga katawagang Ama (Tatay), Manung (kuya), Panglakayin (ninunong lalaki), at Lakay (matandang lalaki). Ang mga salitang itong panawag sa miyembro ng pamilya ay mga hiram ng mga Tuwali sa dominanteng wikang Iloko. Ang paggamit ng mga partikular na leksikal na anyo para sa kalalakihan ay nagpapakita ng pagkakategoryang semantiko batay sa kasarian. Isa itong pangkaraniwang proseso sa maraming wika kung saan ang mga salita o konsepto ay iniuugnay sa mga tiyak na kategorya. Sa pamamagitan ng mga salitang ito, malinaw na nailalarawan ang papel at estado ng lalaki sa loob ng ethnolinggwistikong pangkat ng Ifugao.

Samantala, para sa pambabaeng kasarian, ginagamit ang mga katawagang *Ina* (nanay), *Panginain* (ninunong babae), *Anti* (tiyahin), *Baket* (matandang babae), *Bokya* (matandang dalaga), at *Balasang* (dalaga). Ang mga hiram na salitang ito sa wikang Iloko ay eksklusibong iniuugnay sa mga babae, nagpapakita ng panandang leksikal ng kasarian sa wikang Tuwali Ifugao. Katulad ng

komunikatibong gramatika ng wikang Filipino, ang Tuwali Ifugao ay nagpapakita rin ng malinaw na naipahahayag ang kasarian sa pamamagitan ng wika. Ayon sa Tuwali Ifugao Dictionary nina Hohulin (2014), ang *lakay* ay bahagi na ng salitang-buhay ng Tuwali at may lokal na kahulugan at gamit na umaangkop sa kontekstong kultural ng mga Ifugao. Ang ganitong panghihiram ay hindi simpleng pagsasalin lamang ng salita kundi isang proseso ng integrasyon kung saan ang hiram na salita ay binibigyan ng panibagong kahulugan, gamit, at maaaring sumailalim sa lokal na pagbabago sa anyo. Dahil sa malapit na ugnayang heograpikal at sosyo-kultural ng mga Ilokano at Ifugao, ang mga hiram na salita ay nagiging bahagi na rin ng istrukturang morpolohikal at ponolohikal ng Tuwali (Hohulin, 2014, mula sa <https://www.webonary.org/tuwali-ifugao>).

Bukod sa tiyak na kasarian, kinikilala rin ng wikang Tuwali Ifugao ang konsepto ng di-tiyak na kasarian (gender-neutral nouns). Sa kasong ito, may mga terminong maaaring gamitin para sa lalaki man o babae. Kabilang dito ang mga salita tulad ng *Aammad* (*matanda o nakatatanda*), *Imbabale* (*anak*), *Ahawa* (*asawa*), *Imbabalaeyon* (*pamangkin*), at *Inap-apo* (*apo*). Ang ganitong paggamit ng di-tiyak na pangngalan ay nagpapakita ng *neutrality* at pagiging maluwag ng wika sa pagtakda ng kasarian depende sa konteksto.

Sa kabuuan, maliwanag na pamamagitan ng mga natatanging leksikal na pormasyon, ang wikang Tuwali Ifugao ay hindi lamang nagpapahayag ng kasarian kundi sumasalamatin din sa estruktura ng kanilang lipunan, pampamilyang relasyon, at kultural na pananaw. Ang pagkakaroon ng tiyak at di-tiyak na kasarian sa pangngalan ay isang patunay na ang wika ay nagsisilbing tagapagbunyag ng ugnayang sosyal at kultural ng isang komunidad.

C. Pagkakaiba Pagkakategorya ng Nabibilang at Di-nabibilang na Pangngalan na mga konkretong bagay sa wikang Filipino at Tuwali

Ang mga konseptong kongkreto sa wikang Tuwali ay maaaring uriin sa *mabibilang* at *di-mabibilang* na pangngalan. Ang pagkakategoryang ito ay nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa kung paano tinitingnan at kinikilala ng mga Tuwali ang kanilang kapaligiran. Ipinapakita nito ang koneksyon sa kanilang pananaw sa mundo, mga paniniwala, at paraan ng pag-iisip. Ang mga mabibilang na pangngalan ay may mahalagang papel sa pagsusuri ng gramatikal na estruktura ng wikang Tuwali, dahil sa pamamagitan ng mga ito, maaaring masilip kung paano nila isinasayos at binibigyang-kahulugan ang mga bagay at karanasan sa paligid. Ang masusing pag-unawa sa paggamit, pag-uuri, at nagpapahayag ng mga ganitong uri ng pangngalan ay maaaring magbunyag ng sistematikong mga pattern sa sintaks, semantika, at mga kultural na konsepto kaugnay ng pagbibilang at pag-uuri ng mga bagay. Sa ganitong paraan, ang pagsusuri ng mga mabibilang na pangngalan sa wikang Tuwali ay nagbibigay-daan upang mas

malalim na maunawaan hindi lamang ang gramatika ng wika kundi pati na rin ang natatanging pananaw at kaalamang kultural ng mga nagsasalita nito.

Talahanayan 7. Pagpapangalan at nagpapahayag sa mga nabibilang at di nabibilang na bagay sa wikang Tuwali

Mga bagay	Nabibilang/Di-Nabibilang	Salin sa Filipino
Ubanan-/ubunan/	Nabibilang	Upan
Panto-/pan.toh/	Nabibilang	Pinto
Tawang-/ta.wan/	Nabibilang	Bintana
Itungu-/itu.ɲuh/	Nabibilang	Pangkatong
Balat-/Ba.lat/	Nabibilang	Saging
Ahin-/ahin/	Solidong di-nabibilang	Asin
Ahukal-/ahu.kal/	Solidong di-nabibilang	Asukal
Boga-/bo.gah/	Solidong di-nabibilang	Bigas
Hipu-/hi.puh/	Likidong di-nabibilang	Ambon
Lana-/la.nah/	Likidong di-nabibilang	Langis galing sa niyog
Buuk-/bu.uk/	Solidong di-nabibilang	Buhok
Alina-/ali.na/	Solidong di-nabibilang	Harina
Udan-/u.dan/	Solidong di-nabibilang	Ulan
Liting-/Li.ting/	Solidong di-nabibilang	Tubig

Kabunyan- /kabun.yan/	Kolektibong di- nabibilang	Kalangitan
Kabalebale- /ka.balebaleh/	Kolektibong di- nabibilang	Kabahayan

Katulad ng sa Wikang Filipino, ang wikang Tuwali ay may mga konkretong pangngalan na maaaring maiuri sa mabibilang at di-mabibilang na kategorya, na nagpapakita ng linggwistikang pagdulog na kaugnay ng mga pang-araw-araw na karanasan ng komunidad. Ang mga mabibilang na konkretong pangngalan sa wikang Tuwali ay sumasalin sa kanilang kakayahan at pagnanais na tukuyin ang tiyak na dami o bilang ng mga bagay sa kanilang paligid. Halimbawa, ang mga salitang *ubunan* (upuan), *panto* (pinto), *tawang* (bintana), *kaiw* (panggatong), *pahiking* (nalagang bag), *kinlum* (biik), at *balat* (saging) ay mga konkretong bagay na maaring tukuyin sa tiyak na bilang. Ang morpolohikal na estruktura ng mga pangngalang ito, tulad ng “Ohan ubunan” (isang upuan) at “Himpulun kinlum” (sampung biik), ay nagpapakita ng paggamit ng pamalang bilang isang mekanismo ng linggwistikang kategoryalisasyon ng mga bagay, na angkop sa pagsasalamin ng pananaw at kulturang Ifugao.

Sa kabilang banda, ang mga di-mabibilang na konkretong pangngalan sa wikang Tuwali ay naiuri sa tatlong pangunahing kategorya: solido, likido, at kolektibo. Ang solido, tulad ng *ahin* (asin), *ahukal* (asukal), at *bogah* (bigas), ay mga bagay na hindi direktang mabibilang, ngunit maaaring sukatin gamit ang panukat. Ang mga ito ay nagpapakita ng isang linggwistikang pagdulog na kumikilala sa aspektong katangiang hindi-indibidwal ng mga bagay, tulad ng kanilang hindi pagkakaroon ng tiyak na bilang. Sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga panukat, gaya ng “Ohan idu an ahin” (isang takal ng asin) at “Ohan hopa an bogah” (isang gatang ng bigas), nagiging posible ang pagsukat ng dami, subalit hindi pa rin ito tumutukoy sa indibidwal na bilang ng mga yunit. Sa ganitong paraan, ang linggwistikang sistema ng Tuwali ay ipinapakita bilang isang pamamaraan ng pagsasalamin ng kultural na pananaw na hindi nagsisilbing eksaktong kalkulasyon kundi isang kabuuan na may pangkalahatang halaga o unit.

Ang mga likido sa wikang Tuwali, tulad ng *lana* (langis), *liting* (tubig), *hipu* (ambon), *udan* (ulan), *huka* (suka), at *mantika* (mantika), ay mga halimbawa ng mga pangngalang hindi nabibilang. Hindi tulad ng mga solidong bagay, ang likido ay isang bagay na hindi madaling mabilang at walang tiyak na pagkakahati-hati, kaya’t ito ay isinasalang-alang bilang isang di-mabibilang na kategorya. Ipinapakita nito ang kultural na pang-unawa sa mga bagay na hindi naaabot ng mga tiyak na yunit ng pagkalkula, na

repleksyon ng mga karanasan ng komunidad sa pagtukoy sa natural na mundo.

Ang kolektibo, na tumutukoy sa mga pangngalang naglalarawan ng kabuuan o pagsasama-sama ng mga bagay, tulad ng *kabunyan* (kalangitan), at *kabale-bale* (kabahayan), ay nagpapakita ng isang linggwistikang ugnayan sa pagitan ng mga kabuuan at indibidwal na bahagi. Ipinapakita nito na ang wika ng Tuwali ay may paggamit ng kolektibong pag-iisip, na hindi lamang nakatutok sa mga partikular na yunit, kundi sa kabuuan ng mga bagay na magkakasama. Ang kategoryang ito ay nagpapakita ng pagtutok sa kabuuan at hindi sa mga partikular na bahagi ng isang bagay, isang konsepto na mahalaga sa pag-uuri at pagkakategorya ng mga bagay sa lipunang Ifugao.

Ang mga linggwistikang kategorya ng wika ay isang hakbang upang mas maunawaan ang mga paraan ng pagbuo ng kaalaman at pagkakategorya ng mga bagay sa mundo, at nagiging tulay upang matuklasan ang mas malalim na ugnayan ng wika at kultura ng mga katutubong komunidad (Resuma, 2002).

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay nabuo ang konklusyon may malinaw na komunikatibong gramatika ang wikang Tuwali na nagpapakita ng mataas na antas ng sistematisasyon sa pagbubuo ng mga salita, lalo na sa mga morpemikong pagsasanib, pag-uulit, at paggamit ng panlapi, na siyang nagpapadali sa pagpapahayag ng pagmamay-ari, ugnayan, at bilang. Bagama’t may mga pagkakaiba sa estruktura at gamit, ang wikang Filipino at Tuwali ay parehong may kakayahang magpahayag ng mga konkretong konsepto sa paraang malinaw, tiyak, at may kontekstong kultural.

Ang wikang Tuwali ay mayaman sa leksikon na sumasalin sa kultura, tradisyon, at pananaw sa mundo ng mga Ifugao, at ang mga ito ay hindi lamang simpleng pantukoy kundi daluyan ng kolektibong alaala, paniniwala, at espiritualidad ng komunidad.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay iminumungkahing isulong ang sistematikong dokumentasyon ng komunikatibong gramatika ng mga katutubong wika tulad ng Tuwali upang mapalawak ang kaalaman sa multilinggwalismo at mapreserba ang mga ito bilang bahagi ng pambansang identidad. Gamitin ang mga natuklasan sa kurikulum ng edukasyon, lalo na sa mga asignaturang wika at kulturang panrehiyon, upang mailapit sa mga mag-aaral ang kanilang sariling etnolingguwistikong yaman.

Itaguyod ang mas malawak na pananaliksik ukol sa iba pang aspekto ng komunikasyon sa wikang Tuwali—gaya ng diskurso, pragmatika, at sosyolinggwistika—upang mas maunawaan ang ugnayan ng wika, lipunan, at kultura sa kontekstong etnolingguwistiko.

ACKNOWLEDGMENT

Taos-puso kong ipinapaabot ang aking pasasalamat sa lahat ng indibidwal at institusyong naglaan ng kanilang oras, kaalaman, at walang sawang suporta na naging mahalagang bahagi sa matagumpay na pagbuo, pagsasakatuparan, at pagkumpleto ng pananaliksik na ito. Ang kanilang kontribusyon sa anyo ng patnubay, mahahalagang mungkahi, at moral na lakas ay nagsilbing gabay at inspirasyon sa bawat yugto ng pag-aaral na ito.

REFERENCES

- [1] J. A. Amtalao and F. P. Demeterio III, "Bogwa: Kultural na paghuhukay sa oral na tradisyong Ifugao," *Malay Journal*, vol. 31, no. 2, Art. 9, pp. 84–102, 2019. doi: 10.59588/2243-7851.1113
- [2] S. T. I. H. Apriyanto and P. P. B. dan, "Language as a communication tool in human life," *Fox Justi: Jurnal Ilmu Hukum*, vol. 10, no. 2, 2020. [Online]. Available: <http://ejournal.seaninstitute.or.id/index.php/Justi/index>
- [3] R. M. Bonifacio, M. R. Z. D. J. Zaman, M. D. Prantilla-Arambala, and M. S. Zarate, "Effects of indigenous language conversation skills enhancement program among Bukidnon and Talaandig youths in the Philippines," *Ampersand*, vol. 8, p. 100076, 2021. doi: 10.1016/j.amper.2021.100076
- [4] E. L. Hohulin and D. A. Burquest, "The cross-referencing system of Tuwali Ifugao: form and function," *Philippine Journal of Linguistics*, no. WIP (electronically published), 2011. [Online]. Available: <https://www.philippines.sil.org/resources/archives/48533>
- [5] E. L. Hohulin and D. Burquest, "Morphophonology in Tuwali Ifugao," *Philippine Journal of Linguistics*, vol. 38, no. 1–2, pp. 1–38, 2007. H. Galana, "The effect of communicative grammar on the grammatical accuracy of students' academic writing: An integrated approach to TEFL," *International Journal of Recent Research in Social Sciences and Humanities (IJRSSH)*, vol. 4, no. 2, pp. 213–216, 2017. [Online]. Available: <http://www.paperpublications.org>
- [6] R. M. Hohulin and E. L. Hohulin, *Tuwali Ifugao Dictionary and Grammar Sketch*, Special Monograph No. 57, Manila: Linguistic Society of the Philippines, 2014, pp. xiii + 686.
- [7] E. Lou Hohulin, "Writing a communicative grammar," *Philippine Journal of Linguistics*, vol. 34, no. 1, pp. 107–121, Jun. 2003.
- [8] E. L. Salanga, "Buhay-ritwal: Ang ritwal sa kamalayan at kulturang Pilipino," *Malay*, vol. 19, no. 3, pp. 1–1, 2007.